Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-73 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki, Marso 31, 2022
(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Mga Proposal ng ika-13 Termino ng Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Kawasaki

Nais ng mga katawan na ipasa bilang panukala ang mga importanteng resulta ng mga pagsisiyasat na ginawa sa loob ng 2 taon. Ngayong termino, nais naming ipasa ang sumusunod na tatlong proposal. Ito, kasabay ng pang-taunang pag-ulat ay ipapasa sa mayor sa darating na Abril

### 【1】Upang mabigyan ng suporta sa mga proseso ukol sa pangangalaga ng bata ang mga dayuhang hindi katutubong wika ang wikang Hapon, pagplanuhan ang pagsuporta gamit ang maraming wika.

1. Gamitin ang multi-lingwal na gabay na ginawa ng mga kinatawan para isulat ang “Aplikasyon para sa sertipikasyon ng benepisyo sa edukasyon o pangangalaga ng bata（教育・保育給付認定（変更）申請書）” at “Aplikasyon para sa pag-gamit o pagbago ng nursery school（保育所等利用（変更）申込書兼児童台帳）”

### 【2】Suportahan ang mapayapang pamumuhay ng mga dayuhang mamamayan upang sila ay mamuhay na gamit ang sariling kakayahan

*(muling pag-propose ng panikula ng ika-2017 na termino)*

1. Pag-gawa ng orientation seminar para sa mga dayuhang bagong lipat sa lungsod, upang ipaalam ang mga sistemang pang-administratibo, mga patakaran o asal sa pang-araw-araw, mga mapapakinabangang impormasyon, at mga atraksyon ng lungsod.

### 【3】Isulong ang pag-gawa ng lugar para sa intermediate na suporta, upang mabigyan ng suporta ang mga dayuhan at maisulong ang pamumuhay sa multicultural na lipunan

*(muling pag-propose ng panikula ng ika-2015 na termino)*

1. Gumawa ng "International Lounge (Pansamantalang Pangalan)" sa ilang lugar sa lungsod.

* Para sa detalye, tingnan ang “Annual Report ng Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Kawasaki <2021>”.

* Maliban sa pamimigay ng Annual Report sa lugar ng pagpupulong, ito ay mababasa din sa ward office, citizen hall, library, atbp. Maaari rin itong idownload sa homepage ng lungsod.
http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042762.html

# Pagbati mula sa Tagapangulo:

# Pag-gunita sa ika-13 Termino ng mga Kinatawan

Mula sa simula ng ika-13 termino ng mga kinatawan, hanggang sa pagtapos nito, ang mga aktibidad ay sa nasa panahon ng Corona virus. Dahil dito, may mga panahon na hindi namin maisagawa ang ordinaryong pagmeeting, o kaya magkaroon ng lugar para sa pagpalitan ng opinion kagaya ng Open Forum.

Kahit na limitado ang ordinaryong aktibidad, ang mga miyembro ng ika-13 termino ay naisagawang ikumpila ang nais na ipropose na panukala gamit ang pagpapatuloy ng aktibidad para sa pag-unlad ng multicultural na lipunan.

Isang halimbawa ay ang pagsagawa ng online meeting. O kaya bilang kapalit ng Open Forum, ay nag-imbita ng mga taong dalubhasa sa tema upang maipatuloy ang pagpalitan ng opinyon.

Dahil sa suporta at pakikipagtulungan ng maraming tao kagaya ng opisina, mga specialists na nagbigay ng opinion, mga nasa International Center, mga nakinig sa meeting sa loob ng 2 taon, at sa mga nagbigay ng interes sa aktibidad ng mga kinatawan, dahil sa inyo ay naigawa naming matapos ng matiwasay ang termino. Maraming salamat sa inyo.

Sana ay inyong ipagpatuloy ang pagsuporta sa Pagpupulong ng Kinatawan upang maipagpatuloy ang multicultural na pamumuhay sa lungsod ng Kawasaki.

Lahiru Sanketha Perera, Tagapangulo ng ika-13 Termino




＊Itinanggal ang mask sa oras lamang ng picture

# Pag-gunita sa Pagpupulong ng mga Kinatawan

Mula Marso 2022, natapos ang pamamahala ng ika-13 termino ng mga Kinatawan ng Dayuhan. Aming ipakikilala ang mga impresyon ng mga Kinatawan ng ika-13 termino.

Kawasaki - shi ရဲ့ နိုင်ငံခြားသား ကိုယ်စားလှယ် တစ်ယောက်
အဖြစ် ၂ နှစ် တာဝန် ထမ်းဆောင်ခွင့် ရရှိတဲ့အတွက်
ကျေးဇူးတင်ပါတယ်။ တာဝန်ထမ်းဆောင်ခဲ့တဲ့ကာလအတွင်း
[illegible]
[illegible]
Kawasaki - shi [illegible]
[illegible] ကျေးဇူးတင် [illegible] ရှိပါသည်။

မြန်မာနိုင်ငံကိုယ်စားလှယ် [illegible]

4年間、23か国の代表者の皆様、事務局の方と貴重な経験と勉強ができました。そのお陰で川崎市の魅力を一層わかるようになりました。

今後、代表者会議で学んだ知識と情報を困っている方に共有し、素敵な川崎市の街作りに貢献できるよう努力して参ります。

金　海花

川崎市に住んでいる外国人市民の役に立ちたいという思いがきっかけで、外国人代表者会議に参加しました。そこで、同じ思いを持っている仲間に出会えたことは最大の幸せでした。この2年間はコロナで交流活動が減り、制限も多かったため、なかなか活動がうまくいかなかったこともありましたが、皆さんと一緒に話し合って、最終的に提言ができたことはとてもホッとして、貴重な経験でした。

会議での経験や皆さんとの思い出を大切にし、前進していきたいと思っています。

事務局の皆さん、外国人代表者の皆さん、本当にありがとうございました！

Cảm ơn mọi người rất nhiều!

グェン　ティトゥチャン
Nguyễn Thị Thu Trang

เรียนเชิญพี่น้องชาวไทย
ที่อาศัยอยู่คาวาซากิ
มาร่สมัครกันนะคะ
ขอบคุณโอกาสดีดี 4 ปี
ที่มอบให้นะคะ
児玉 ノンティシャー

4年間大変お世話になりました。
4年間は長かったようで短かったです。本当に楽しくて夢のように過ぎました。これで市民代表会議を卒業致しますが、この貴重なご経験から学んだことを是非今後の人生にも活していきたい。本当にありがとうございました！

許 成龍

川崎市外国人市民代表者会議に参加した目標は、日本に住む外国人の生活を幸せにすることでした。この2年間の会議の中で外国人の生活に関わっている様々な状況、課題、悩みなどを改善する議論が出来、目標を達成する事が出来たと思っております。

代表者会議では、川崎市の担当者の方々及び10カ国以上の素晴らしい方々が参加されて国際的でした。この様なダイバーシティの中で、各課題に対して様々な角度からのアイデアがありました。

外国人の幸せのためにアイデアの交換ができて、良い機会だったと思います。

ネパール人の方、ネパール人以外の外国人の方も、是非募集に応募してこの機会に参加してください。
バスカ（Bhaskar）

I'm so grateful to have this experience here in Kawasaki. It wasn't easy, but I learned a lot about myself & the world around me.
Change doesn't happen overnight, but it's good to know there are people working hard to improve the living situation for foreigners & locals alike. May we always strive to better ourselves & each other.

Sara Deena Scarf

It was fantastic to come together with global minds from Kawasaki, to make Kawasaki a better place for each individuals staying in Kawasaki.
Wish all the best for the international members here for great work in future years.

Suchitra

2年間、代表者の皆さん、事務局の皆さん、ありがとうございました。貴重な機会をいただいたこと、心から感謝します。退任後も、日本人市民、外国人市民、誰でも暮らしやすい日本一のまち川崎の実現に向けて努めます。
謝謝大家！我愛川崎、川崎的明天更美好！


張亮

川崎市外国人代表者会議に12期と13期、四年間参加出来た事を誇りに思っています。たくさん学ぶことができました。
市は多文化共生社会の実現を向けて、様々な取組を進めています。市の取組を知ることができとても良い経験になりました。情報収集の大切さをあらためて感じています。
12期には市の行事やイベントなどの活動に参加出来ましたが、13期はコロナ禍でほとんどの活動が中止になって、とても残念ですがやりがいのある活動ができました。
学んだ事を活かして、出来るところから地域に貢献したいと思っております。ありがとうございました。

チョチョカイン（ミャンマー）　　令和4年2月

I'm grateful for all the experiences I had in the Kawasaki Foreign Representative Assembly. I have learned a lot about Kawasaki, and I really appreciate all their efforts in making the lives of the foreign residents easier. I'm also happy to meet and establish connections with fellow foreign residents from diverse background and different countries. Despite the limitation posed by the pandemic, we tried our best to exchange ideas and to come up with a useful proposal. I hope to see everyone again!
Thank you very much again for this valuable opportunity!
Maraming salamat po!

Arianne Dumayas

**ආයුබෝවන් (アーユボーワン)**

**アーユボーワンはスリランカの言葉で「こんにちは」です。**
**第13期の代表者に選ばれた事、また他の代表者と一緒に大好きな川崎の為に活動出来て、とても嬉しく思います。**
**コロナ禍での活動は大きな経験となりました。**
**代表者会議に参加して、この2年間で得た経験を活かして、今後も川崎市の発展に貢献したいと思います。**
**2年間、本当にありがとうございました。**

බොහොම ස්තූතියි
**(ありがとうございます/Thank You)**

**ペレーラ ラヒル**
**スリランカ**

この2年間本当に有り難うございました。自分の困ったことだけではなく川崎市に住んで居る外国人の困ったことも含めての様々なお話し合いが出来て本当に嬉しいです。これからも日本に居る間川崎市を住みやすい街になる為に貢献して行きたいと思います。
皆さんお疲れ様でした！！！

ポール

**4年間外国人代表者として、参加させて頂いてとてもよかったです。外国人である私たちが日本の市民と一任として暮らしやすい生活を出来るように、平等に受け入れている事が川崎市へ感謝しています。これからも会議の計画と活動を継続をして頂きたいです。4年間ありがとうございました！**

ボソ　ミゲル　アンヘル

12期、13期のトータル4年間、
川崎市外国人市民代表者会議の
一員として活動させていただきました。
メンバーの皆さんと提言に向けて沢山の意見を交わす時間はとても貴重なもので刺激を受けました。　この経験をこれからの人生に活かしていきたいと思います。
皆さんに出会えて幸せです。
ありがとうございました!!!

前田 [illegible]

2年間はとても短かったけれど、私は川崎市外国人市民代表者として外国人の困り事を解決することができ、貴重な経験を得ることができました。
コロナの影響でなかなか会議を開催することが難しい状況でしたが、事務局や全員のメンバーの協力で会議を開催することができ、非常に感謝しています。
外国人市民代表者には様々な国の人がいて、問題解決するときに他の国の人とアイデアを交換できるので、興味深い活動だと感じました。
川崎市をより住みやすい地域にすることを達成するためにこれからもこの活動を続けてもらいたいです。
Terima Kasih!

～ムハマド　アイマン　アリフ～

川崎市外国人市民代表者会議に参加ができて非常にうれしく思っています。外国人の悩みを聞いて、この会議の重要性が分かりました。
川崎市がよりよい町を作るために、様々な対策を講じていることも分かりました。今後も川崎市で暮らしながら、市民の方々のため、外国人のためにボランティア活動に積極的に参加していきたいと思います。

Marcin Judek
(POLSKA ポーランド)

コロナ禍で思うように活動が
出来なく、やるせない思いを感しますが、
2年間とてもいい勉強になりました。
事務局のみなさま、13期代表のみなさま、
ありがとうございました。
みなさまのご活躍を祈念いたします。
감사합니다. 건강하세요.

李歓歓（りかんかん）です。
2年間の時間はあっという間に経ちました。振り返ってみると、本当に皆さんと一緒に様々な議論が出きて、とても有意義な2年間でした。
最初は、少し人見知りの自分が大人数の人と仲良く議論できるかという心配もありましたが、代表の皆さんがいつも暖かい笑顔で微笑みながらで声をかけてくれたり、議論の時に自分の意見に対してきちんと耳を傾けてくれたりして、発言の自分とても心強くなりました。
各代表者と事務局のおかげで、無事に第13期なりの提言ができて、心から感謝しています。これで少しでも川崎に住んでいる外国人の助けになれたら嬉しく思います。
もし今後はまた機会があれば、川崎の一市民としてより良い川崎になれるように力を尽くして頑張りたいと思います。

外国人代表者になれたことでこころより感謝致します。
外国人にとっても、日本人にとってもより住みやすい町にしたい思いで、四年間代表者の活動をしました。
代表者たちと力を合わせて、外国人（申請側）にも、行政側にも役に立つツールを作成できたことは、本当に大きな喜びです。
要求から参加へとの言葉はすごく心響びます。
退任後も、代表者会議を通して、学んだ知識、知り得た情報を、困っている外国人に伝達し続けたいと思います。劉 [illegible]

It has been a joy to work for the good of the city where I have come to live as a foreigner. These two years, I have deepened my thanks and love for this special place. May the Kawasaki City blend of many colors create a future of peace and prosperity for all. - Kevin Laverman
ケビン・レイバーマン

和田恵麗奈
第13期の代表者の皆で作成した提言の実現を楽しみにしています。この二年間で色々な国の方と交流が出来たことが嬉しく思います。
新型コロナウイルス感染拡大の影響でイベントなどに参加出来なかったことが残念です。第14期の活動に影響がない事をお祈りしております。

Ce fut un honneur pour moi de participer à cette assemblée des représentants étrangers de la ville de Kawasaki édition 2020 ~ 2022.
Cette édition fut particulière dans la mesure où nous, représentants étrangers et membres du comité avons à nous adapter aux circonstances du Covid19.
Tout en espérant que les politiques, idées et propositions apportées puissent porter des fruits durables.

Marie Catherine Ndeo Ndiaye
originaire du Senegal (Afrique)

## ◆Tala ng Editor◇

Nang una kong nalaman ang tungkol sa pulong ng kinatawan, ang una kong naisip ay “surpresa” at pagiging “impressed”. Hindi ko kasi alam na sinusubukan ng lungsod ng Kawasaki na maipagpabuti at matulungan ang mga dayuhang nagkakaproblema o may inaalala. At sa aking tingin, ay napakaganda na ang pagbubuting ito ay isinasagawa na may pakikipagtulungan sa mga mamamayang dayuhan. Dahil dito, ninais kong sumali at gawin ang aking makakaya katulong ang lungsod ng Kawasaki.

Sa aking mga naunang meeting, nagpulong ang mga taong galing sa iba’t ibang bansa at sila ay aking nakausap. Nag-alala ako kung ako ay mayroon sapat na maitutulong, ngunit aking pinagpatuloy ang makakaya.

Sa pag-gunita sa mga aktibidad ng kinatawan, napakadami kong napag-aralan. Isa sa mga ito ang pagiging komplikado ng mga sistemang pang administratib at mga isinasagawa upang ipabuti ito. Lahat ng bagay na nais pagbutihin ay kinakailangan ng oras at pagsisikap. Ngunit magkakaroon pa rin ng progreso at napakadaming posibilidad kung maisasagawang magtulungan.

Sara Deena Scarf, Editor ng Newsletter

## Nais mo bang making sa Meeting?

——Iskedyul ng unang Pagpulong ng ika-14 Termino——

Araw at Oras: Abril 17, 2022 (Linggo) Mula 2pm hanggang 5pm

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutes na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko/Meguro line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Iskedyul para sa ika-2022 taon ng meeting: https://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000040963.html

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sino. Halina’t makibahagi sa pagpupulong!

**Para sa Tanong**

Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki

210-0007 Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod namin tanggapin ang inyong ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

古紙パルプ配合率70%再生紙を使用